

TAMALA

Isang dulang ganap ang haba

ANG BUOD NG DULA:

Magtatagpo-tagpo ang iba't ibang mga tauhan ng alamat sa Alamatao, kung saan nasadlak ang lahat ng isinumpa o ginawang hayop, halaman o kung anupaman. Pagod na sa buhay na kanilang sinapit, nanaisin nilang bumalik sa pagiging tao, pero paano? Matutuklasan nila ang kani-kanilang kahinaa't kalakasan at sa pagsasamahang kanilang pinagtibay, maaabot rin nila ang kanilang hangarin.

ANG DULA:

MGA TAUHAN:

PINANG – dating batang babae na pasaway, ngayo'y pinya at marami ang mga mata

PARU-PARO – dating lalaking nais mangamkam ng mga gamit ng ibang tao

ARAKNE – babaeng mayabang na naging gagamba; walang ginawa kundi maghabi

MATSING – dating mapanlait na lalaki't matapobreng mayaman

PINES (*Payns*) – dating batang babaeng mababa ang tingin sa sarili, naging *pine tree*

SAMPAGUITA – pasensyosa, halos inaagiw na sa kaaantay ng kanyang iniirong

MARIA CACAO – diwang may ari ng ginintuang barko at plantasyon ng cacao

PULUBI, NANAY, MATANDANG BABAE, KASERA – halos pareho ang hulma nila; may kagagawan sa pagbabagong-anyo ng mga tauhan

OLD LADY GAGA – matandang babae na alam ang lahat ng alamat

KABUNIAN – diyos ng mga Ifugao; dinalanginan ni Pines

MINERBA – diyosa ng karunungan, may kagagawan sa pagbabagong-anyo ni Arakne

MGA MAKAGIYA

DALAWANG HIGANTE – ang mga nakaukit na higante sa simbahan ng Tuguegarao

TAGPO:

Alamatao – lugar kung saan nagkita-kita ang mga tauhan sa mga alamat

Kasalukuyan o kahit kailanman

1. Overture

Madilim. Makikita ang screen kung saan ita-type ang sasabihin ng voice over (V.O.)

NARRATOR. Makikita ang pagbura niya (backspace) sa mga bahaging ayaw niya.

NARRATOR (OLGA): (V.O.) Noong unang panahon.

Hindi. *(Buburahin sa screen ang “Noong unang panahon.”)* Once upon a time.

Hindi, gasgas na yan. *(Buburahin ang “once upon a time.”)* Ahhh! Sa pagitan ng panahon ng mga ninuno at ng magpakailanman, nagsama-sama ang iba’t ibang mga nilalang sa Alamatao {*Makikita sa screen ang: (png., A ·la ·ma’ ·taw)*}. Sa lugar na ito, lahat ng bagay ay nagmula sa tao. Lahat.

Sa pagsisimula ng awit, at pagbubukas ng ilaw, makikita ang mga pangunahing tauhan – sina PINANG, MATSING, ARAKNE, PINES at PARU-PARO.

AWIT 1: ANG PINAGMULAN

OLGA: A-a-a-a-lamatao,

Aaaaalamatao,

Tao, tao, alamat, tao, tao...

Wala pa noong maya,

Wala pang sampaguita,

Walang punong pino,

Wala pang paru-paro.

Sa mundong ito,

Bigla silang gumala,

Magtataka ka,

Kung saan sila nagmula.

(Bakit ba) matsing ay may buntot?

(Bakit ba) paru-paro'y mukhang talulot?

(Bakit ba) agiw ay parang hinabi?

(Bakit ba) mata ng pinya'y kay dami?

Sa mundong alam,

Kalimutan ang agham,
Sa mundong ito,
Iba ang (kanilang) pinagmulan.

Ngayo'y naghalo-halo,
At dito nasadlak
Sa mundo ng dating-tao,
Ano na'ng kanilang balak?

LAHAT: Ang maging tao,
Ang maging tao,
Ibalik ang pagkatao,
Bumalik, pero paano?

PINANG: Makita ko sana ang ulap bilang puting bulak,
Hindi higanteng kumot na sa akin babagsak,
Dahil sa sangkaterbang mga matang ito,
Parang sampung duling akong litong-lito.

MATSING: It's tiring -- maghanap ng pagkain,
I'm missing -- may iba'ng naghahain,
What a life -- palukso-lukso,
Got no home -- kundi mga puno. (Yew!)

LAHAT/MATSING: I'm missing – ang pagiging tao,

My family, friends,

And the old me,

Yo! I'm missing — ang pagiging tao,

(Yeah!) We're missing – ang gawi ng tao.

(Yo!) We're missing – ang gawa ng tao.

PARU-PARO: Bawal dito gawin,

Ang dati mong gawain,

Di puwedeng angkinin,

Ang bawat living thing!

LAHAT/PARU-PARO: Kaya aking hiling,

muling maging 'sang tao,

Aking gustong maging,

Muling maging 'sang tao.

ARAKNE: Kumusta na'ng inang, pati buong angkan?

Galit kaya sa akin? Gusto kong malaman,

Aanhin ko ang walong paa kung di sila madalaw,

Sana mabisita ko, sana, balang araw.

Kung tao lang akong muli,
Gusto ko lang makabawi,
Lahat ng pagkakamali,
Itutuwid, maging tao muli.

PINES: Masaya na ko sa 'king lagay,
Ang gubat ang aking bahay,
Isa lang ang ayaw kong mangyari,
Ang mag-away ang dalawang higante!

LAHAT: Ang dalawang higante, kung mag-alitan,
Winawasak ang lahat ng kanilang maapakan,
Pinupulot ang kahit anong nilalang,
Para ibato ng isa sa kanyang kalaban.
O anong salot pag sila'y nag-aaway,
Walang sinasanto, lahat dinadamay,
Wala kaming panama sa kanilang lakas,
Kung puwedeng lumayo at makatakas,
O! Ang maging tao at umalis dito,
O! Ang makauwi sa pinagmulan ko.

OLGA: (*kontrapunto sa mga naunang "gusto maging tao"*)

Pero paano ang maging tao?

Paanong pagiging tao?

Paano makabalik?

Kung gustong muling maging tao?

Maririnig ang malakas na ingay, tila may pagkalakas-lakas na pagyabag ng pagkalaki-laking mga paa. Parang lumilindol at mapapalundag ang mga tao kasabay ng bawat yabag. Mabilis na tatakbo (o “lilipad”) si PARU-PARO.

MATSING: Que pasa?

PINANG: Paru-paro! Sandali lang, hoy!

Haharangin ng ibang MGA NILALANG si Paru-paro, lulundag-lundag sila, pero iiwas lang siya sa mga ito.

MATSING: Pars, magbalita ka naman hoy!

PINANG: Paru-paro... Pars? Sige na, sabihin mo na, lindol lang ba yoon?

Sige na, pars, ikaw diyan ang nakakalipad at may nakikita.

Magkakahabulan pa (hindi masyadong makahabol si Pinang dahil nabibigatan siya sa ulo niya) pero hindi mahuli-huli ng iba si Paru-paro. Samantala, nasa isang tabi lang si ARAKNE, gothic ang dating, at nagmamasid. Biglang sasabit si Paru-paro sa malaking agiw nito.

PARU-PARO: Arakne, bruha kang gagamba ka, pakawalan mo ako!

ARAKNE: (Kay Paru-paro) Pati ba balita, sosolohin mo?

Magpupumiglas si Paru-paro. Mabibigo siya.

ARAKNE: Magkwento ka na kasi. O ano?

PARU-PARO: Lilipad ba ako nang ganoon kung lindol lang yoon?

MATSING: And so...

PINANG: Hala! Andyan na naman ang dalawang higante!

BUNDOK: Lagot! Mababawasan na naman ng bundok dito!

PINANG: Alis na tayo, dali! Ayaw kong maging pineapple pie!

PARU-PARO: Nakuha n'yo nang gusto n'yo kaya pakawalan mo na ako,
Arakne!

*Sa isang pitik, mapapakawalan ni Arakne si Paru-paro. Tatakas na agad ang paru-paro.
Biglang lulukso si MATSING at sisikapin ni Pinang na kumapit sa kanya.*

PINANG: (Kay Matsing) Tulungan mo ako. Di ako makatakbo nang mabilis.

MATSING: Niña, pinya, noli me tangere. Touch me NOT!

Sa likod ni Pinang, may magbebelat sa kanya, may lalapit na may dalang straw, akhang gagawin siyang pina colada.

PINANG: (Sa mga nagbebelat) Kita ko yan! (Kay Matsing, na tatakbo palabas ng entablado) Matsing, sandali! Buti pa ang saging, may puso! Hayop ka!

MATSING: Tonta! Hayop talaga ako. Adios!

PINANG: Paano na ako? Iwan n'yo ko dito? Hahayaan n'yo akong maapakan ng higante, mapipi, mapisa, maging pineapple juice?

ARAKNE: Pinang. Pinang. Tama na.

Isasaklob ni Arakne ang isang basket na gawa sa agiw ng gagamba. Hihilahin ni Arakne si Pinang at mas bibilis ang lakad nito.

PINANG: (Nahihiya) Thanks.

ARAKNE: Huwag ka iiyak. (*Papahiran ang luha sa bawat mata ni Pinang*)
Baka bumaha.

2. Noong Tao pa Sila

Mukhang pagod na pagod na sa kalalakad sina Pinang at Arakne. Magpapahinga sila.

Makikita na sa lugar na ito ang pine tree na si PINES, pero wala pa siyang imik.

Magtatago sina Paru-paro at Matsing pero nasa magkaibang bahagi sila ng entablado.

ARAKNE: Kaliwa tayo.

Sa ibang lugar liliko si Pinang.

ARAKNE: Kaliwa sabi! O dito... kanan.

Sa iba na naman liliko si Pinang.

ARAKNE: (*Naiinip na*) Kanan!

PINANG: Sana marami rin ang mata mo. Magpahinga na muna tayo! Pagod na pagod na ako. Sana kung tulad mo ako, walo ang paa.

ARAKNE: May hinihila namang pabigat.

PINANG: Ang init-init kasi!

ARAKNE: Mag-juice ka. (*Maglalagay ng straw sa ulo at bibig ni Pinang.*)

SFX: Paghigop sa straw pag nauubos na inumin.

PINANG: Dehydrated na ako. Ang gaan-gaan ko na o!

ARAKNE: O di kaya mo na sarili mo.

PINANG: Pero paano ko makikita ang daan?

ARAKNE: Gamitin mong mga mata mo. Lahat ba, gagawin ko para sa yo?

PINANG: Oo.

Magkakasabay sina Arakne, Paru-paro at Matsing dito:

ARAKNE: Aaaaarrrrrggggh!

PARU-PARO: Tama na nga!

MATSING: Iwan mo na kasi.

Magugulat sina Pinang na nandoon pala sina Paru-paro at Matsing. Magugulat rin si Paru-paro na nandoon pala si Matsing, at gayundin si Matsing.

PARU-PARO: Puro kayo daing, puro kayo daing, di naman kayo isda!

MATSING: Whine, whine, whine. Sana may kasamang cheese.

ARAKNE: (*Makokornihan*) Tama na, please? Ha?

Kukunin ni Arakne ang basket at akmang lalayo, aalis, iiwan si Pinang.

PARU-PARO: Go, girl!

PINANG: Bakit kayo ganyan? Hindi na kayo naawa. Buti pa nanay ko.
Sana nandito siya. Di niya ako pababayaan...

AWIT 2: KUNG NANDITO SI NANAY/KWENTO NI PINANG

PINANG

Hihipan niya ang mga sugat,

Pagagaangin niya'ng mabigat.

Wala na akong dapat hanapin,

Siya na ang gagawa para sa akin,

Ayaw niya kasi akong maghirap...

MATSING

Kaya ka lumaking isang... brat.

Flashback/pagsasadula ng alamat. Papasok ang NANAY NI PINANG at kikilos sila ayon sa sinasabi ng awit.

PINANG: Hoy, huwag n'yo sisihin si nanay. Nagalit nga yoon. Kaya ako naging ganito kasi noon nga...

TAONG PINANG: Noong nagkasakit si Nanay,

Ako ang gumawa sa bahay

Naglaba, nagluto, naglinis,

Lagi ko na lang wini-wish

Sana gumaling na siya, please.

Ang totoo, ako'y naiinis.

NANAY: Anak, hindi ako makabangon,

Puwede ka bang utusan ngayon?

Magluto ka nga ng lugaw,

Idagdag mo na rin ang bahaw.

TAONG PINANG: Ba't lugaw pa ang pinaluto,

Lagi na lang 'tong hinahalo,

(Tamad hanapin) Nasa'n na ba ang panghalo?

Yung sandok, kusang nagtago.

Makikita ng nanay niya ang kaldero at ibabato ito. Magagalit.

NANAY NI PINANG: Lugaw ba yan? Puro tutong!

TAONG PINANG: E kasi di ko makita ang sandok.

NANAY NI PINANG: Ba't di mo hanapin?

TAONG PINANG: Sana kayo ang naghanap.

NANAY NI PINANG: Nakuuu, Pinang, ano bang klase ka?

Sana dumami ang 'yong mga mata

Ano pa ba ang gagawin sa yo?

Para ikaw ay magtanda at matuto.

TAONG PINANG/PINANG (yung pinya): Nagdabog ako at saka lumabas,

Pero sa sumpa n'ya, wala akong takas,

Naging ulo akong puro mga mata,

Sabay-sabay lahat nakikita.

O, kay hirap kapag dumidilat,

Pag napuwing o pag kumikindat,

Kita ko yan, at yun, at ito!

Alam ba ninyong ako'y hilong-hilo?

PINANG: Kaya pag napapagod o nahihilo,

Si nanay ang laging hinahanap ko,

Siguro kung noo'y wala lang siyang sakit,

Hindi naman siya ganung magagalit,
Ano kaya ang dapat kong gawin
Para sumpa ay kanyang bawiin?
Kahit ano, sana ay sabihin,
para lang siya'y muling kapiling.

Maaawa na si Arakne, aaluin ng isa sa mga paa niya si Pinang.

PINANG: Sana di niya ako sinumpa.

PARU-PARO: Sana di ka tamad.

MATSING: You don't get it. We're like this because sinumpa tayo.

PARU-PARO: Paano tayo magiging tao uli?

Parang lilindol uli at uuga-uuga ang kilos nila. Magtatakbuhan sila.

MATSING: Ewan ko sa inyo pero I'm outta here!

Tatakbo si Matsing at sasabit kay PINES. Wala pa ring reaksiyon si Pines.

MATSING: I hate this! I hate this tree! I hate it here! (*Nagpupumiglas sa puno*) Kung hindi tayo tumatakbo to avoid those giants, natutulog tayo sa damuhan, nababasa sa ulan, o sumasabit tayo sa kung anu-ano! I miss my bed, my car, my games, my parties, my yayaaaa!

PINANG: Huwag na kasi tayo maghiwa-hiwalay. Di natin alam kung kelan susumpungin yung mga higante. Kelangan natin ang isa't isa.

MATSING: Kailangan mo kami kasi kami ang tagabuhat mo.

PARU-PARO: Lampa! Hahaha!

MATSING: Pero ako, di ko kayo kailangan.

Magpupumiglas pa rin si Matsing para makaalis sa pagkasabit niya. Tutulungan na siya ni Arakne. Makakawala siya sa “hawak” ni Pines.

PINANG: *(Kay Matsing)* Hindi ka magte-thank you?

MATSING: Kaya ko naman e, I just needed more time.

ARAKNE: Okay. *(Ibabalik si Matsing kay Pines)*

MATSING: *(Parang susuko)* Okay na, okay na!

PINES: Salamat.

ARAKNE: Ano?

MATSING: Wala akong sinasabi.

PINANG: Sino yon?

PINES: Ako. Hi! *(Kay Matsing, makikipagkamay)* Ako yung hate mo.

Lalayo si Matsing.

PINES: Ako si Pines.

PINANG: Ako si Pinang.

PINES: Uy tukayo!

PINANG: Ikaw yung nagpasalamat?

PINES: Oo. *(Kay Arakne)* Salamat sa yo.

ARAKNE: Para?

PINES: Kasi pinaghiwalay mo kami. *(Babahin.)* Allergic ako doon e
(Tutukuyin si Matsing).

MATSING: *(Pakutya)* Excuse me! And excuse me. *(Lalayas.)*

Haharangin ni Pinang si Matsing. Tutulungan siya ni Pines. Mistulang magpapatintero sila.

PINANG: Magsama-sama na tayo kasi... kasi... Kasi kailangan n’yo rin ako.

MATSING & PARU-PARO: Really now?

Akmang aalis muli si Matsing.

PINANG: (*Magsisinungaling, hindi ipapahalata*) May kilala yata akong tulad natin na naging tao na!

PARU-PARO: Puwede ba yon? Maging tao uli?

PINANG: Oo! Kung mahahanap natin siya, magiging tao uli tayo!

ARAKNE: Hindi mo nga ako masunod, pero hahanapin mo siya?

PINANG: Kaya nga dapat magtulungan tayo. Ako kasi ang nakakita sa kanya.

MATSING: Sige nga, anong itsura niya?

PINANG: Ano... babae... puti'ng buhok.

PARU-PARO: Lola?

PINANG: Oo!

PARU-PARO: Teka, kinakabahan ako diyan. Baka yan yung matandang babaeng nagsumpa sa akin.

MATSING: At sa akin.

PINES: Iisa lang kaya yun?

Magkakaroon ng pagsasadula ng alamat. Papasok ang PULUBI at ang MGA KONYO/KONYA.

Maaaring magpapalit-palit ang matandang babae bilang pulubi at KASERA.

AWIT 3: Iisang Babae Kaya Yoon?

MATSING: Siya'y babaeng pulubi

Ang totoo'y nagkunwari

Nagpunta siya sa aming party

Man, what she did to our family!

TAONG MATSING: *(Kay OLGA o PULUBI)*

Ikaw ba ay may imbitasyon?

Di ka puwedeng pumasok,

We don't exactly like how you look.

IBANG MGA TAONG MAYAMAN: Baka may sakit pa yang dala,

Guard, guard! Paalisin mo na siya!

(Kay Pulubi) Para kang nanggaling sa lusak,

Alangan sa 'ming mga gayak,

Makintab ang aming sasakyan,

Makapal ang 'yong talampakan

Pabango nami'y masarap langhapin,

Ikaw, umaalingasaw sa hangin!

TAONG MATSING: Alam ko na, para enjoy tayo

May gagawin tayong isang laro

(Kukuha ng kutsara) Ang unang makatama sa kanyang ulo,

Ay tatanggap ng malaking premyo.

Sa saliw ng musika, ihahagis ng lahat ang kanilang mga kutsara. Biglang magpapayong ang pulubi, pero lilitaw uli siya at magiging MAGANDANG BABAE.

Mamamangha ang lahat, magugulat.

Maya't maya'y kukunin ng magandang babae ang mga kutsara at siya naman ang mambabato.

MATSING: At ang tinapon niyang kutsara,

Naging buntot na lang bigla,

At ang suot naming magarbo,

Kumapal, naging balahibo.

Babaling naman sa kwento ni Paru-paro.

PARU-PARO: Nagpanggap namang kasera,

Sa bahay niyang may paupa,

May hardin siyang napakaganda,

Mga halaman ay kakaiba.

Mga bulaklak na kay ririkit,

Kaya naman nakakainggit,

Pero maraming nakikinabang,

Mga kapitbahay ay binibigyan,

Basta ba siya ang namimitas,

Wag ikaw, kundi ay! Malas!

Papasok ang KASERA at ang MISIS ni Paru-paro na tao pa, pati si Paru-paro noong tao pa siya (TAONG PARU-PARO). Habang inaawit ang itaas ay ipapakita ang kaserang namimigay ng

bulaklak sa kapitbahay. Matutuwa ang mga kapitbahay. Darating ang taong paru-paro at ang misis nito, may dalang mga maleta. Kakausapin nila ang kasera at magbabayad. May trabahador siyang magdadala ng mga maleta palabas ng entablado. Aalis ang kasera at maiiwan ang mag-asawa. Sa pamamagitan ng sayaw, ipapakitang nagagandahan ang mag-asawa sa mga bulaklak sa hardin. Magkakatinginan ang mag-asawa, magsesenyasan sila't mangunguha nang mangunguha ng mga bulaklak.

Mahuhuli sila ng kasera. Kukuha ang kasera ng patpat at hahampasin sila. Maya't maya'y magiging paru-paro na sila.

PARU-PARO: At kami'y nagkapakpak

Na mukha ring bulaklak,

At itong asawa ko,

Nilayasan na lang ako.

ARAKNE: Maaari, iisang babae yong

Mahilig magbalat-kayo

Ang totoong nilalayon

Subukan ang 'yong pakikitungo

Ang totoong nililimos

ay kabaitan, hindi pagkain,

ang totoong hinihingi

ay pag-unawa at pagpansin,

ang totoong inaasahan,

paggalang sa kapaligiran,
(*Tutukuyin ang sarili*) ang totoong sinasabi,
magpakumbaba, wag magmalaki.

PINES: Iisang babae kaya yoon?

ARAKNE: Malalaman natin pag nakita natin.

PINANG: Tara!

Lalakad na sila pero magpapaiwan si Pines.

PINANG: Pines?

PINES: Iwan n'yo na lang ako. Pinili ko ang maging ganito.

PARU-PARO: Ay, tanga. Baliw ka ba?

PINES: Hindi... talaga, kasi...

AWIT 4. AWIT NI PINES

PINES: Noong tao pa ako

Balat ko ay tusuk-tusok,

Kung pandirihan

Parang sila'y masusundot,

Ang di nila alam

Sila'ng humihiwa sa puso ko,

Layuan ba ako...

Kaya't ako ay namundok.

(Magdarasal) Kung di mo ko mapagaling,
O Kabunian, aking dinalangin,
Kung ganun na rin lang sila magtrato,
Itanim mo na lang ako sa gubat mo,
Tanggap ako ng mga hayop,
Anumang anyong ipagkaloob,
Payapa ako, itong gusto ko,
Kaysa noong hamak akong tao.

Sasabad na si Arakne.

ARAKNE: *(Walang emosyon, tila nasusuya sa pagkaawa ni Pines sa sarili)*
Puwede kang pansundot sa paa ng higante.

Hihilahin na rin ni Arakne si Pines.

3. OLD LADY GAGA

Mapupunta sina PINES, PINANG, ARAKNE, PARU-PARO at MATSING sa isang lugar na puro MAKAHIYA.

PARU-PARO: Wala namang patutunguhan ito e.

MATSING: Niloloko mo ata kami e!

PINANG: Mahahanap rin natin yon, pramis! *(Titingin sa paligid at malilito.)*
Nanggaling na ba tayo doon?

PARU-PARO: Giniginaw ako.

May tatanggalin si Pines na isang sanga mula sa kanyang sariling puno.

PINES: Puwede nyo itong gamiting pampainit.

PINANG: Pines, huwag!

PINES: E ayan na e. Natanggal na.

Kung anu-ano ang gagawin ng iba sa sanga– hahawakan, ilalagay sa ulo, iipitin sa kili-kili pero walang mangyayari sa kanila.

PINES: Sindihan n’yo kaya.

PARU-PARO: Susunugin n’yo’ng pakpak ko?

PINES: Para lang uminit dito!

PINANG: Hanap kayo ng panggawa ng apoy.

Mahahawakan ni Arakne ang isa sa mga “dahon” ng Makahiya. Titiklop ito. Hahawakan ng iba ang iba pang dahon at titiklop rin ang mga iyon.

PINES: Ito yata ang... tama, ito nga! Ito nga!

LAHAT: Ang alin?

MGA MAKAGHIYA: Mabuhay, mga nilalang!

PINES: Kayo ang...

PINES & MGA MAKAGHIYA: Mga makahiya.

MAKAGHIYA 1: Pero ngayon, di na masyadong mahiyain.

MAKAGHIYA 2: Dumami na lang kami pero nanggaling kami sa isang bata, kay Shyla.

Puwedeng magkaroon ng flashback o reenactment dito. Papasok si SHYLA at MGA MAGULANG NIYA. Gagawin nila ang alamat ng makahiya.

MAKAGHIYA 3: Tahimik ang buhay ng mahiyaing si Shyla.

MAKAGHIYA 1: Nang biglang dumating ang mga pirata!

MAKAHIYA 2: Mga magnanakaw!

MAKAHIYA 3: Nagdasal nang taimtim ang nanay ni Shyla.

NANAY NI SHYLA: Iligtas nyo po ang anak ko! Pakiusap ko po!

MAKAHIYA 4: Nagtago si Shyla sa hardin.

MAKAHIYA 3: Nahuli ang mga pirata!

MAKAHIYA 1: Naligtas ang mga magulang ni Shyla.

MAKAHIYA 2: Nang balikan nila si Shyla.

MAKAHIYA 4: Ganito na ang itsura.

PINES: Paano nila nalamang si Shyla nga yoon?

MAKAHIYA 2: Naapakan.

MAKAHIYA 3: Noong naapakan, gumanito siya (*titiklop*), at sabi nila...

NANAY NI SHYLA: Parang si Shyla, mahiyain, tumitiklop.

MAKAHIYA 4: Ayaw humarap sa bisita.

MAKAHIYA 2: Laging nakatungo.

PINES: Pa...pangit ba siya? Tulad ko--

ARAKNE: Ssst. Pines. (*Imumwestrang itikom ang bibig nito.*)

MAKAHIYA 4: Pero di na siya mahiyain ngayon dahil...

MAKAHIYA 1: Alam na niyang mahalaga siya!

MAKAHIYA 2: Eto, kuha kayo ng isa.

MAKAHIYA 3: Sige na. Huwag kayong mahiya.

MAKAHIYA 4: Malay n'yo kailanganin n'yo yan.

Kukunin nila ang ilang dahon ng makahiya.

PARU-PARO: Kuha na tayo ng marami!

Pipigilin siya ni Arakne.

ARAKNE: With great power comes great responsibility.

PARU-PARO: Konti lang.

Pag hawak ni Paru-paro sa maraming mga makahiya, titiklop ang lahat ng ito at mabubunyag si OLD LADY GAGA (OLGA).

OLGA: Wow, mga bisita!

Mapapatingin sila sa matandang babae tapos kay Pinang, tapos sa isa't isa.

PINANG: Siya nga yon! Siya yon!

PARU-PARO & MATSING: Baka siya yon! (*Di malaman kung susugod o magtatago*)

MATSING: (*Kay Olga*) Remember me?

PARU-PARO: (*Kay Olga*) Hindi mo natatandaan ang ginawa mo sa akin?

MATSING: Don't I look familiar?

OLGA: Hoy, Matsing, matanda na ako para sa pick-up lines mo.

PARU-PARO: Hindi mo talaga ako namumukhaan?

MATSING: Ito, ginawa mo sa akin ito! (*Ipapakita ang buntot.*)

OLGA: Puwede ba, nate-turn off na ako sa yo.

PINES: Baka hindi talaga siya yon.

OLGA: Ano ba talaga yang pinagsasabi nyo ha?

PARU-PARO: Hindi ba kayo ang matandang babaeng kasera na may ari ng hardin at hinampas ako ng patpat noong nanguha ako ng mga bulaklak?

OLGA: Di ka nagpaalam?

PARU-PARO: Hindi po.

OLGA: Dapat pinakulong ka! Pero hindi ako yon.

MATSING: Hindi ka ba nagpanggap na maging pulubi?

OLGA: Ako? Saan? Sa party?

MATSING: Yes! Sa party!

OLGA: Sa halloween party?

PINES: Wala ba kayong ginawang matsing at paru-paro? Dati silang tao.

OLGA: Aaaah, yoon. Hindi ako yon.

PINANG: Pero dati ka na bang tao? Ibig kong sabihin, naging prutas ka o halaman o isla o ano bago ka naging tao... uli?

OLGA: Ang taong nag-tamala?

LAHAT: Tamala?

OLGA: Bumalik sa pagkatao.

PINANG: Yoon!

MATSING: Gusto lang namin siyang mainterbyu kung paano maging tao uli.

OLGA: Akala n'yo may formula siyang ipapainom sa inyo? O may sasabihin siyang mahiwagang salita o may hahanapin kayong mahiwagang bato...

PINANG: Ganoon ba ang nangyari sa kanya?

OLGA: Baka! Ewan.

Kokornerin nina Matsing at Paru-paro si Pinang.

PINANG: (*Magpapa-cute*) Kita kita... atsaka ikaw, kahit di ako lumilingon!

MATSING: So we came here for nothing.

PARU-PARO: Sabi na nga ba, niloko mo lang kami para makasama mo lang kami.

PINES: Tama na, andyan na yan e.

OLGA: Ra-ra-ra-right you are.

ARAKNE: Lumapit kaya tayo sa higher power. Kay Minerba kaya?

PINES: Ang diyosa ng karunungan? Kilala mo si Minerba?

ARAKNE: Nagpanggap rin siyang maging old lady.

PINANG: Anong nangyari?

ARAKNE: Ganito. Magaling akong maghabi noon.

Isasadula ang alamat. Papasok ang Matandang Babae.

MATANDANG BABAE: Ang ganda naman ng habi mo. Aral ka siguro kay Minerba ano?

TAONG ARAKNE: Hindi ah. Ako lang ito. Mas magaling yata ako doon.

MATANDANG BABAE: Si Arakne, mas magaling kay Minerba na diyosa ng karunungan? Paano mo nalaman?

TAONG ARAKNE: Nagdududa ka? E kung bumaba kaya siya't magkasubukan kami.

“Magiging” MINERBA ang matandang babae.

MINERBA: Tingnan natin ngayon ang iyong galing.

ARAKNE: Si Minerba rin pala yung matandang babae. At naghabi ako nang naghabi. Siya rin. Nagpaligsahan kami. At nanalo siya.

AWIT 5. AWIT ni ARAKNE

ARAKNE: Anong mukhang aking ihaharap?

Wala, wala.

Anong aking ipagmamalaki?

Wala, wala. (*Tatakbo, animo'y lulundag sa bangin.*)

Gusto ko na lamang lumayo,

Takasan ang kahihyang ito.

Natagpuan ko ang sariling nakatingin,

At hinihila ng malalim na bangin...

MINERBA: Itigil mong kahibangang ito,

May silbi ka, sa ayaw mo't gusto,

Mabuhay ka, kaya lang ganito,

Ang paa't kamay mo ay magiging walo.

ARAKNE: Ito ang naging kabayaran

Sa aking kahambugan.

MINERBA: At di lang yon, pati buong angkan,

Katulad mo'y magiging ganyan.

ARAKNE: O kay bigat nitong dalahin,

Nagbago'ng lahat dahil sa akin,

Sana naman ako'y patawarin,
Maaari ba? Aking hinihiling?

Buong angkan wag nang idamay,
Gawin silang tao, lalo na si nanay,
Ako na lang kaya ang itira?
Ako na lang ang gawing gagamba?

*Maaaring ipakita sa screen ang pagbabagong-anyo ng mga tao sa gagamba (multi-screen).
Pero hindi pakikilingan ni Minerba si Arakne at ito'y "maglalaho." Pupulutin ni Arakne ang
kanyang hinabing kumot na may halaga sa kanya.*

Bago naging agiw ang mundo ni nanay,
Mayroon siyang hinabi, sa akin inalay,
Kaya itong hinabi'y aking pinagdaramot,
Huling hinabi ni nanay, itong mahal kong kumot.

PINANG: *(Tutukuyin ang nakita sa screen)* Buong angkan mo yan? Akala
ko nasira lang ang mga mata ko. Marami pala talaga kayo.

ARAKNE: Humingi tayo ng tulong kay Minerba.

PARU-PARO: Baka puwede niya tayong gawing tao uli?

MATSING: *(Kay OLGA)* You know how to contact her?

OLGA: Tekha ha. *(Imumuwestra ang pagpalit ng pahina sa higanteng iPad at kokontakin si Minerba)* Status update – unreachable daw siya. Unavailable din dito. Locator -- abroad. Mag-domestic na lang kayo, kay Maria Cacao, diwata yun. Eto, google map. Good luck. Meanwhile, magpahinga muna kayo, magpainit, kumain... kung pupunta kayo kay Maria Cacao, dapat malakas kayo.

Uupo si Arakne, magtatalukbong ng kanyang pinakaingatang kumot (mukhang hinabi o ginantsilyo). Lalapit si Paru-paro, makikisukob sana sa kumot pero tatalikuran siya ni Arakne. Si Pines naman ay magtutusok ng pagkain (parang nagtutusok ng ibabarbeque); nilalayuan siya ni Matsing. Maglalapag si Pines ng pagkain para kay Matsing. Mapapahiya si Matsing. Pupunta sa kani-kanilang sulok ang mga tauhan.

Maiiwang magkasama sina OLGA at Pines.

OLGA: Ang ganda-ganda mong tao siguro.

PINES: Hindi po.

OLGA: Hindi. Kitang-kita ko ang kagandahan mo. *(Patlang.)* Minsan nga lang, magtira ka para sa yo.

PINES: Po?

OLGA: *(May iaabot na makahiya)* Itago mo yan. Magagamit mo yan sa takdang panahon.

PINES: Salamat po. Aleng ano... ano po ba talaga kayo?

OLGA: Mahalaga pa ba yon? Basta ako...

AWIT 6. SAKSI SA MGA SUMPA/ PAG TAO NA AKO

OLGA: Ako ang saksi sa mga sumpa

Nakita ko noong magbago sila

Wag mo kong tanungin kung pa'no ko

nasaksihan ang lahat ng ito.

Mas mahalaga ang hindi nakikita,

O ang nakitang di gamit ang mga mata,

O ang narinig di lang ng tainga,

O naramdaman di lang ng pandama.

Iba't iba'ng ugat ng mga sumpa,

Bunga ng parusa ang kwento ng iba,

O pagkabigo, nawala ang sinisinta.

May inaapi, kaya sinasalba.

Kung ito ang alamat, ano ang tamala?

Kung gusto mong maging tao

Anong gagawin muna?

At kung naging tao, ang gagawin, una --

PARU-PARO: Ang imbentaryo sa aming bangko,

At nga pala... ang misis ko!

PINANG: Si Nanay, hahanapin, yayakapin,
Hahalikan, lalambingin.

MATSING: Matutulog ako ng isang linggo,
Magpa-spa, at magpaluto.

ARAKNE: Buong angkan kaya'y maaaliw?
Kung di na sila gagawa ng agiw?

PINANG, MATSING, ARAKNE, PARU-PARO:

Kung tao na kaya ako
Lahat rin kaya'y magbalik-anyo?
Hindi kaya may magtampo
Kung ako lang ang naging tao?

OLGA: Ang susunod ninyong hakbang
Malamang, may kinalaman
Sa sumpa, kung mababawi,
Kung sila'y magiging tao muli.

Magbabago ang ilaw. Umaga na.

Nasa sahig/lupa ang kumot ni Arakne. Kukunin ito ni Pinang at itatalukbong kay Pines.

Maghahagigikan sila sa isang sulok.

Maya't maya'y tila may hahanapin si Arakne (ang kumot).

Papasok muli si Matsing na may panibagong lakas.

MATSING: Pronto! Pronto! Malayo pa ang byahe.

ARAKNE: Nakita n'yo ba yoong--

Halos matulala si Arakne sa nakitang pinantaklob ang kanyang hinabing kumot sa isang bagay.

Tatangalin ni Pinang ang nakatalukbong na gamit na si Pines.

PINANG: Ta-daaan!

Makikitang Christmas tree si Pines. Ang matutuwa lang ay si Pines at Pinang, magpipigil ng tawa si Matsing.

PARU-PARO: Hindi ko makuha. Anong nakakatawa doon?

MATSING: Ewan, pero ito nakakatawa. Pinang, beautiful eyes nga o.
Beautiful eyes.

Gagawin nga ni Pinang. Magtatawanan ang lahat pati si Pinang. Pero inis pa rin si Arakne.

Hahablutin niya ang kumot.

ARAKNE: Huwag n'yong paglaruan yan!

PINANG: Okay... sorry.

Tatahimik nang kaunti. May ibibigay na pagkain uli si Pines kay Matsing.

PINES: Matsing, eto o.

Kukunin ni Matsing ang pagkain pero di pa rin magpapasalamat. Maglalakad sila palayo doon.

4. WITH MATCHING MATSING

Mapupunta ang grupo sa isang lugar na may karatulang mababasa: “Keep out! You’re not invited.” Or “Coño territory. Keep out!” Titingnan nila ang MGA KONYONG MATSING doon.

MATSING: Kilala ko sila!

Makikita ng mga konyong matsing si Matsing.

KONYO MATSING 1: OMG, is that you?

MATSING: Men!

KONYO 1: Ze Prince! Musta na, p’re?

KONYO 2: Long time ah. Man, I’m glad to see you.

KONYO 3: Monkey man, paano ka nahiwalay sa amin?

MATSING: I dunno. I’m looking for my folks, men.

KONYO 3: Sorry, p’re... sa ibang isla ata sila, hinahanap ka.

KONYO 1: Dude, it’s fun here. It’s wild.

KONYO 2: Men, you gotta taste some of the stuff.

Mapapa-ehem sina Paru-paro.

MATSING: Itong mga kasama ko – sina Paru-paro o Pars, Pinang, Pines, at Arakne.

Titingnan nila sina Pinang, atbp. Bubulungan nila si Matsing.

KONYO 1: P’re, how low can you go?

KONYO 2: Desperado ka na ba?

KONYO 3: Men, iwan mo na yan.

KONYO 1: Sumama ka na dito.

MATSING: Ano?

Aawit ang tatlong konyong matsing. At some poing naririnig na rin sila ng iba o kakausapin ng mga konyo ang iba.

MATSING: May pupuntahan pa kami. Pero thanks, at least now I know na hinahanap ako ng mga magulang ko.

KONYO 1: Ang labo mo.

KONYO 2: *(Tutukuyin sina Pinang atbp.)* Nakakahawa ang kabobohan e.

MATSING: Stop it.

KONYO 3: Hayaan mo na siya.

KONYO 1: You're missing a lot, p're.

KONYO 2: We could be swinging on a tree. He could be sinking in the sea.

Magtatawanan ang mga konyong matsing.

MGA KONYO: Loser, loser, loser!

Lalayanan sila ni Matsing.

MATSING: Tara na!

PINANG: Hala, Matsing!

May pupulutin si Pinang sa lupa – mga balahibong nanlagas.

PINANG: Nanlalagas na ang balahibo mo!

PINES: Sinabi ko kasi sa kanyang gumamit ng gugo e.

PARU-PARO: Naku, tamad kasi yang maligo.

PINANG: Hala! Ang daming nalagas o! *(Ipapakita kay Arakne)*

ARAKNE: *(Kay Matsing)* Igagawa kita ng hair net.

Magtatawanan sila. Maunang maglalakad ang apat. Nakabuntot si Matsing, tila mapapaisip.

5. CACAO PLANTATION

Makikita ang isang kuweba. Ito ang kweba ni Maria Cacao. Makikita ang maraming cacao sa kanyang plantation. Makakarating ang buong grupo roon.

Kukunin ni Paru-paro ang mga nakita niyang cacao. Ibululsa niya ang mga ito, pero dahil sa di na niya kayang magdala ng maraming-marami, malalaglag ang mga yoon.

PARU-PARO: *(Kina Arakne at Pines)* Pssst! Psssst!

PINES: Ano ba?

PARU-PARO: Tulungan nyo ako.

Isasabit kay Pines na parang Christmas tree ang mga nakuhang cacao, at ilalagay sa mga kamay o paa ni Arakne ang iba pa, parang pinapasalo ang mga nakuha niya.

PINES: Huwag!

PARU-PARO: Masarap ito!

PINES: Pero hindi atin ito!

ARAKNE: Bitiwan mo.

PARU-PARO: Pero sayang! Bihira tayo makakita ng ganito kadaming cac—

PINES: Kahit na. Kay Maria Cacao pa naman yan!

PARU-PARO: Kung ayaw mo tumikim ng masarap, huwag mo ko idamay.
Kaya ka... pangit.

ARAKNE: Bibitiwan mo o hindi. *(Iuumang ang pulso niya, kung saan nanggagaling ang kanyang agiw.)*

Masama ang loob, bibitiwan ni Paru-paro ang mga cacao.

PINES: Dapat talaga nagsolo ako. *(lalayo)*

ARAKNE: Hindi ka pangit, Pines. Tandaan mo.

PINES: Salamat ha.

ARAKNE: *(Hihigpitan ang hawak sa kanyang pinakamamahal na kumot.)*

Pero off limits pa rin ito.

Habang walang ibang nakatingin, pupulutin uli ni Paru-paro ang nilaglag niyang mga cacao.

PINANG: Nakikita kita, Paru-paro!

Maiitsahan ng agiw si Paru-paro pero maluwag lang ito.

Makakarating sa paanan ng kweba ni Maria Cacao ang grupo.

MATSING: Maria Cacao? Maria Cacao! Maria.

PINES: *(Bibong-bibo)* Maria Cacao, dumudulog kami!

Magugulat ang iba sa pagiging bibo bigla ni Pines.

PINES: Kung alam mo kung paano makabalik sa dati nilang anyo ang mga kasama ko, nagsusumamo ako, tulungan mo sila, mahal naming diwata.

Matutulala ang iba kay Pines.

Samantala, makakawala si Paru-paro sa agiw ni Arakne. "Lilipad-lipad" siya sa ibang lugar sa entablado kung saan matatagpuan niya ang iba pang magagarang kagamitan ni Maria Cacao.

Kukuha siya, pero di niya mabubulsa lahat.

PARU-PARO: Buti pa noong tao pa ako, malaki-laki pa ang katawan ko, maluluwag ang mga bulsa ko. *(Patlang.)* Alam ko na!

Itatago niya ang mga nakuha niya sa isang lugar na di makikita ng iba.

Babalik ang ilaw sa ibang bahagi ng entablado kung saan naroroon sina Pinang, atbp.

Mukhang nag-aantay sina Pinang, nakaabang sa may paanan ng kweba.

PINES: May naaamoy ako.

PARU-PARO: Baka ako.

ARAKNE: Hindi. (*Kay Paru-paro*) Nakawala ka?

PARU-PARO: Para mahanap ko ang naaamoy mo. Ito.

Mapapadpad si Paru-paro sa mga sampaguita (si Olga uli ito pero nakabalatkayo).

OLGA: Ba't di kayo matulad sa halamang ito?

PINANG: Sino kayo? Kayo ba yung taong nagtamala? Dati kayong halaman? Ito ba kayo noon?

OLGA: Hindi, tagaalaga lang ako ng halamang ito, at ang tawag sa bulaklak nito ay sampaguita.

PINES: Panahon na para magsaya!

ARAKNE: Pines?

PINES: Sorry, di ko mapigilan. (Bigla na lang lumabas.)

OLGA: Dati rin siyang tao, sinisinta ng isang datu.

Papasok ang DATU, luluhuran ang halaman ng sampaguita.

DATU: Kailangan ko lang makidigma, aking irog, pero sumpa kita. Babalikan kita. Sumpa kita.

OLGA: At naghintay ang babae. Sa kaaantay ay tinubuan ng ugat. At dahil lagi niyang naririnig ang huling salita ng datu...

DATU: Sumpa kita.

PINES: Pinangalanan siyang sampaguita.

PARU-PARO: Sigurado kang hindi "sinusumpa kita" ang sinabi niya?

OLGA: Nangako siya. Pangako, hindi sumpa.

MATSING: “Sumpa kita.” Mas maganda nga naman pakinggan kaysa sa
“pangakita.”

PARU-PARO: Ayaw kong tubuan ng ugat at maging root crop! Sige... mag-
antay kayo kung gusto n’yo, maghahanap ako ng ibang paraan.

MATSING: Paru-paro!

PARU-PARO: Ano, matsing, sasama ka?

MATSING: Hindi. Kasama ko sila.

Makakarinig sila ng malakas na ingay at mayayanig na naman sila. Parang may nagiba.

Tatakbo sila at makikita ang ilang makahiya, tinatakpan ang tulay na nasira.

OLGA: Si Maria Cacao!

MATSING: Donde esta?

PINANG: Andito na siya!

OLGA: Dumaan ang barko niya dito!

PINANG: Paano mo nalaman?

OLGA: *(Hahawakan ang tulay, kung gayo’y mahahawakan din ang mga makahiya)* May konting ginto rito, atsaka ayan o. *(tatambad ang tulay na may guhit ng barko sa butas o sira nito)* Korteng barko.

Mahalalata na ang pagkakakorteng barko ng butas sa tulay.

OLGA: Nagtampo na naman siya. Malamang ngayon lang.

PINES: Bakit naman siya magtatampo?

OLGA: May nanghiram na naman ng mga gamit niya’t walang balak magsauli.

MATSING: Hindi siya puwedeng mag-walk-out! We need her.

PINANG: Walang balak magsauli. (*Hahanapin si Paru-paro*) Paru-paro!!!

ARAKNE: (*Tila napagtantong si Paru-paro ang may sala*) Paru-paro!

PINES: Paru-paro?

LAHAT: (*Tatawag*) Paru-paro!

Darating si Paru-paro.

PARU-PARO: Bakit?

PINANG: May kinuha ka bang gamit ni Maria Cacao?

PARU-PARO: Magbintang ba?

PINES: Baka nga dapat may ebidensya muna.

ARAKNE: Pines, wag mo kampihan si Paru-paro. Yung cacao kanina...

PINES: Pero binitiwang na niya.

PINANG: Nagnanakaw siya ng cacao. Nakita ko!

PARU-PARO: Hindi nakaw yon. Hingi. Ishe-share ko naman yon sa inyo e.

ARAKNE: Balsa. (*Mag-iinspeksyon ng balsa ni Paru-paro.*)

PARU-PARO: (*Ipapakita ang laman ng balsa*) Wala o, wala! O ano, masaya na kayo? (*Lalabas.*)

PINES: Ayan. Nagtampo na.

MATSING: Lalo tayong hindi matutulungan ni Maria Cacao niyan.

Lalayo sa grupo si Pinang at lalapitan si Olga.

PINANG: Ano bang itsura ng mga gamit ni Maria Cacao?

OLGA: Makikintab, magagara, babasagin, basta – hindi mo kayang bilhin.

Pupunta sa ibang bahagi ng entablado si Pinang at magsisimulang maghanap. Sa paghahanap niya'y may makikita siyang iba't ibang mga gamit na nakatago sa kung saan-saan – mga

sandok, mga gamit sa kusina, at minsan may makabagong mga gamit, kasama ang 3D glasses. Ikatutuwa niya ito kasi kung saan-saang anggulo niya susubukan ito.

Ilalagay ni Pinang sa isang sulok saka hahanapin at kukunin ang kumot na mahal ni Arakne.

PINANG: Arakne! Arakne! Asan ka ba? Pahiram muna nito ha? Asan na ba yon? Sorry, Arakne ha? Kailangang-kailangan ko lang hiramin ito. Isasauli ko agad.

Magmamadali si Pinang at isisilid ang mga nahanap niya sa kumot na gagawin niyang lalagyan ng mga gamit. Ilalagay niya ang mga ito sa paanan ng kweba.

PINANG: Maria Cacao, sorry po talaga. Nagsosori po ako para kay Paru-paro. Andito na po ang mga gamit n'yo. Nahanap ko po sila. Sana ito na lahat yoon. Sorry po ha. Sana po matulungan n'yo kami. Paki sabi po sa mga kilala nyo, kay Bathala kaya? Sana po maging tao uli kami.

May nakakasilaw na ilaw at mapapasuot si Pinang ng 3D glasses. Magkakaroon ng galaw o sayaw sa entablado. Maya't maya'y magiging TAO si Pinang.

TAONG PINANG: Tao na ako? Tao na ako!!! Salamat, Maria Cacao! Salamat. *(Tutukuyin ang 3D glasses)* Puwede po bang mahiram ito? Puwede po ba? Huwag kayong matampo ha? Isasauli ko agad ito! Kung ayaw n'yong ipahiram, gawin n'yo uli akong pinya o paru-paro o basta mas magaan... pero sandali lang ha?

Dahan-dahang aalis sa paanan ng kweba si TAONG PINANG. Titingnan-tingnan niya ang sarili niya at walang mangyayari sa kanya. Kakapain niya ang batok niya at lilingon siya.

TAONG PINANG: Nakakalingon na uli ako! Di na ako magkakastiff-neck! Tao na uli ako! Talagang tao na uli ako!

Tatakbo si Pinang sa mga kasamahan, at mapapasayaw sila sa tuwa.

Ipapasuot ni TAONG PINANG ang 3D glasses sa mga kasama niya.

TAONG PINANG: Subukan nyo! Dali! Baka maging tao uli kayo.

Susuotin ni Matsing pero walang mangyayari.

PINES: Teka, ano pa bang ginawa mo noong suot mo ito?

TAONG PINANG: Aaaahhh, aaahhh... napahawak ako sa bato.

Habang suot ang 3D glasses, kakapit ang lahat ng mga paa ni Arakne sa bato. Walang mangyayari.

TAONG PINANG: Napanganga ako.

MATSING: Ako, ako...

Aagawin ni Matsing ang 3D glasses at isusuot ito, hawak ang bato at nganganga.

TAONG PINANG: Tapos napaatras ata ako?

MATSING: Habang hawak ang bato?

ARAKNE: Ako...

Isusuot uli ni Arakne ang 3D glasses. Hahawak ang mga kamay ni Arakne sa bato, mapapanganga siya, mapapaatras ang mga paa niya, a la moonwalk. Susubukan din ito ni Matsing.

Iaabot ni TAONG PINANG kay Pines ang 3D glasses pero tatanggi ito.

MATSING: Therefore, I conclude it's not the glasses.

TAONG PINANG: Kung hindi ito, ano?

ARAKNE: Anong ginawa mo BAGO mo sinuot ito?

TAONG PINANG: Humingi ako ng tawad kay Maria Cacao sa paanan ng kweba niya.

Tatakbo sina Matsing at Arakne sa paanan ng kweba. Halos nagsasabay ang mga linya dito:

ARAKNE: Patawad, Maria Cacao.

MATSING: So so sorry.

ARAKNE: Iparating n'yo sa kataas-taasan na nagkamali ako, na humihingi ako ng tawad.

MATSING: Dispensa me. Excuse-moi. Pardone. Gomen nasai.

Biglang titingnan ni Arakne si Matsing, mataray ang tindig niya. Hindi siya magpapadaig.

ARAKNE: Muadto diri para humingi ng tawad. Pasaylua ko! Sorry ba, dhay.

(Kay Matsing) Cebuana gihapon si Maria Cacao. Huh!

Tapos saka sila magsasalit-salit sa pagsuot ng 3D glasses at gagawin ang steps na ginawa kanina. Walang mangyayari. Mapapabuntong-hininga silang lahat.

MATSING: *(Tutukuyin ang 3D glasses)* Saan mo ba kasi nakita ito?

TAONG PINANG: Noong hinahanap ko kasi yoong mga nawawalang gamit ni Maria Cacao, nakita ko ito ---

ARAKNE: Yoon. Ginamit mo kasi ang mga mata mo.

MATSING: I see. See? I mean you saw. I mean... you were cursed 'coz di mo ginamit ang mga mata mo. Pero ngayon ginamit mo. **That** lifted the curse.

ARAKNE: Nagbago ka na. Natuto ka na.

May malakas na musika at SFX na para bang nahahawi ang langit o bumbuka ang lupa o nagbubukas ang kweba. "Lilitaw" si MARIA CACAO.

MARIA CACAO: Tinuod, dhay. Tama ang tanan na haka-haka nimo. Pero hindi lang yoon ang makatabang para maging tao uli kayo.

Mag-aantay sila ng kasunod pero wala. Maiinip si Matsing.

MATSING: Unsa man ba?

Mamamangha si Arakne. Mapapatingin si Matsing kay Arakne.

MATSING: (*Kay Arakne*) What?! I'm a linguist eh.

MARIA CACAO: Kung nahanap nyo ang mga gamit ko, mahahanap n'yo rin kung ano yoon.

"Maglalaho" si Maria Cacao.

ARAKNE: Bitin!

MATSING: I guess she's here only on a limited engagement.

Maiiyak si TAONG PINANG.

MATSING: Bakit ka maiiyak e tao ka na?

TAONG PINANG: Paano na kayo?

MATSING: O di matsing pa rin.

TAONG PINANG: Na nanlalagas. (*Pupulutin ang nalagas na balahibo*)

MATSING: Waaaah!

PINES: Tahan na, tahan na.

MATSING: Salamat, Pines.

PINES: Hindi, si Pinang ang sinasabihan ko.

ARAKNE: Bahala na kami dito.

PINES: Hanapin mo nanay mo.

TAONG PINANG: Hahanapin natin yung taong nagtamala, yung dating tao na naging bagay na naging tao uli.

MATSING: Pero naging tao ka kahit di natin nakilala yun.

PINES: Paano kaya nangyari yon?

PINANG: Malalaman din natin yun basta hindi ako aalis hangga't di kayo nagiging tao. Sabay-sabay tayo nakarating dito. Sabay-sabay tayong uuwi.

MATSING: Technically speaking, hindi naman tayo sabay-sabay dumating dito.

PINANG: Alam n'yo nang ibig kong sabihin!

PINES: Eh... kayo na lang.

MATSING: What?

PINES: Hiniling ko kay Kabunian na maging ganito. Kayo na lang ang maging tao.

MATSING: So pinakikinggan ka ni Kabunian.

ARAKNE: Malakas ka kay Kabunian.

MATSING: Tawagin mo na siya! Sige na.

PINES: Pero...

MATSING: What?

PINES: Baka isipin nya gusto ko na maging tao.

MATSING: And why not?

PINES: Di n'yo magugustuhan ang itsura ko kung tao na ako.

MATSING: Says who? Don't be a drama queen, Pines. Call Kabunian.

TAONG PINANG: Baka alam niya kung paano maging tao uli sina Arakne at Matsing. Di ba gusto mo rin yon?

PINES: Sige. Para sa inyo. (*taimtim*) O dakilang Kabunian, binubunyi ng mga Ifugao, hinihiling namin sa iyo na kami'y kausapin at tulungan.

Papasok si KABUNIAN.

KABUNIAN: Naimbag nga aldaw! Ay Pines, ubing, kumusta na? Anong sa atin?

PINES: Ang totoo po'y sila ang may tanong.

KABUNIAN: Ay, di n'yo pa rin ba makuha? Dapat kayo ang tumuklas ng sagot sa tanong nyo. Pero dahil andito na rin lang ako, (*kay Pines*) baka gusto mo nang bumalik sa pagkatao.

PINES: (*Sa mga kaibigan*) Sabi sa inyo e.

MATSING: So?

PINES: Anong "so?" Ayaw n'yo itsura ko pag...

MATSING: Sinabi mo na yan kanina. What did I say?

PINES: E akala ko sinabi mo lang yon kasi gusto nyong tawagin ko si Kabunian.

MATSING: Have a li'l faith naman, Pines.

KABUNIAN: So paano? Ayaw kong masayang ang personal appearance ko.

AWIT 7. HANDA NA AKONG MAGING

PINES: Nasanay na ko sa lilim,

Kontento na 'di mapansin,

Katulad ko'y isang lihim,

Na 'di n'yo dapat alamin.

Ngunit bakit pa narito,

Kung lagi lang magtatago,

Alam ko na ang makakaya ko,

Pati ang pwede pang magawa ko.

Ako'y punong tumatatag,

Ako'y bangkang maglalalayag,

Ako'y lihim na ibubunyag,

Walang paki sa inyong bansag.

Kung may pelekis sa mukha,

O, e, ano?

Kung banlag ang mga mata,

O, e, ano?

Kung iisa lang ang paa,

O, e, ano?

Kung ilong ko ay dalawa,

O, e, ano?

Hangga't may naitutulong
Pagkatao'y naisusulong
Kahit anong anyo,
Basta't ako'y ako,
Handang-handa na 'ko,
Handang-handa na kong...
... maging tao!

MATSING: Hay finally!

Idadampi ni TAONG PINANG ang noo ni Matsing, kung may sakit ito (dahil nagbabago na siya), pero makakakuha siya uli ng "nalalagas" nitong balahibo.

TAONG PINANG: Hala! Grabe panlalagas ni Matsing.

KABUNIAN: So, Pines, handa ka na, ubing?

PINES: Wen, manong.

KABUNIAN: O, walang magtatampo ha? Siya ang humiling nito noon, kaya puwede niyang bawiin, pero kayo... ibang kaso kayo.

ARAKNE: Naintindihan po namin.

Babalik sa pagiging tao si Pines pero andoon pa rin ang kanyang sakit sa balat.

MATSING: Tao ka na niyan?

TAONG PINES: Ikaw talaga...

MATSING: Joke... okay?

Mapapayapos si TAONG PINANG kay TAONG PINES.

TAONG PINANG: Tukayo!

Mukhang nahihiya pa rin nang kaunti si TAONG PINES.

MATSING: Smile, Pines. Smile.

Yayakapin ni Matsing si TAONG PINES. Malalagas na nang tuluyan ang kanyang balahibo.

Magiging tao na si Matsing. Mamamangha ang lahat, at matutuwa.

TAONG MATSING: What did I do? What did I do?

ARAKNE: Nagbago ka na rin. Natuto.

KABUNIAN: Siguro... pero di lang yun. Sorry, hanggang doon lang ang
puwede kong sabihin. O siya. Iwan ko na kayo. (*Lalabas.*)

Mahuhulog mula kay Pines ang makahiya at isang brochure.

TAONG PINES: Ay, ang pinabaon sa aking makahiya.

MATSING: (*Babasahin ang brochure*) Uy tingnan n'yo... "heals wounds and
sores." Ipahid mo ito, gagaling daw ang mga sugat mo.

*Magkakaroon ng musika bago muling makita si TAONG PINES, mas makinis na siya
(tatanggalin ang bahagi ng costume na mukhang may sakit siya sa balat).*

*Bigla na naman silang mayayanig. Hindi na ito ang barko ni Maria Cacao. Ito na muli ang
dalawang higante, puwedeng may maririnig na malakas na yabag tapos dighay.*

ARAKNE: Ang dalawang higante.

TAONG MATSING: We almost forgot about them!

TAONG PINANG: Paano ba tayo aalis e giniba na ng barko ni Maria Cacao ang
tulay!

TAONG PINES: (*Titingin sa ibaba*) Ang lalim ng bangin.

TAONG MATSING: We could jump. No wait! Bakit tuyot na? Wala na ang ilog.

ARAKNE: May ginawa ako. Habang wala akong magawa noon...

Ilalabas ni Arakne ang isang mahabang hinabing mga bulaklak at ugat. Mag-uusap sila habang nilalabas niya ito, na tila di-matapos sa haba, na parang sa salamangka.

ARAKNE: Alam nyo yung waterfalls doon sa Kennon?

TAONG MATSING: Kennon falls? A.K.A. Bridal Veils Falls?

PINANG: Tao rin dati?

ARAKNE: Hindi. Pero nagkaroon ng waterfalls dahil sinuway ng kalikasan ang gusto ng isang malupit na madrasta.

TAONG MATSING: Arakne, what's the point? Medyo kulang na ng oras kung magkukwento ka pa.

PINES: Hayaan mo na siya. Bihira ko siya marinig magsalita.

ARAKNE: Pinagbawalan ng madrasta na makipagkita ang babae sa kasintahan niya. Pero minsan tumakas ang dalawa, nagplanong magtanan, at naghabi ng ganito yung babae. May tubig pa ang mga ilog at lawa, at hiniling ng madrasta na tangayin sila ng agos. Hindi sumunod ang kalikasan. Natulungan pa nga silang tumakas dahil lumihis ang agos. At ang agos na yon ang naging waterfalls.

TAONG MATSING: The point being...

ARAKNE: Kumapit kayo at magdasal nang husto!

Tatawid na ang magkakaibigan gamit ang hinabing mga ugat.

Darating na ang higante.

PINANG: Lumihis ang agos ng tubig!

Maririnig ang sigaw ng higante, tila papalayo.

Mapapalalapak ang magkakaibigan sa tuwa.

TAONG PINANG, TAONG PINES, TAONG MATSING: (*Patong-patong halos ang pagsasalita*) Natangay ng agos ang higante! Wala na ang higante!

Maririnig nila ang pagtili ni Paru-paro na “hinuli” ng isa pang higante.

PARU-PARO: (*Off-stage*) Bitiwan mo ako!

HIGANTE2: (*Off-stage*) Ang cute-cute mo, puwedeng isama kita sa aking collection.

TAONG PINES: Si Paru-paro!

TAONG MATSING: Nga pala, may isa pang higante.

ARAKNE: Bakit natin tutulungan si Paru-paro?

TAONG PINANG: Kasi... kailangan niya ng tulong?

TAONG PINES: Arakne, kasama natin siya.

TAONG MATSING: He may be weird, but he was one of us.

PARU-PARO: Ah, higante? Marami akong ibang koleksyon, bibigyan kita kung pakakawalan mo ko!

ARAKNE: Kung tayo yan, iiwan lang niya tayo.

TAONG PINES: Kaso iba tayo. Kaya mo ba siyang makita na pinipi at nakalagay sa album?

ARAKNE: Yung totoo?

TAONG PINANG: Mabuti o masama, pag kaya mong tumulong, at may
higanteng gumagawa ng ganyan, hahayaan mo lang ba?

TAONG MATSING: Okay time's up! Tama na ang pagtatalo. Anong gagawin
natin?

TAONG PINES: So paano na?

TAONG PINANG: Paano na nga ba?

TAONG MATSING: How's this? Arakne?

Mag-aalangan sa umpisa, pero lalapit na rin si Arakne at magkakabulungan ang apat.

*Maya't maya'y magtatakbuhan sa gawi nila ang IBA'T IBANG NILALANG (maliban sa mga
makahiya), takot.*

Patuloy na maririnig ang higante, ang yabag niya, ang singhal o singhot niya.

HIGANTE: Akala nyo matatakot ako sa inyo dahil sa ginawa nyo sa kaaway
ko? Alam n'yo kung anong gagawin ko ngayon sa inyo!?

Makikita pero di maririnig – makikipag-usap si TAONG PINES sa ibang mga nilalang.

Aakyat sa mataas si TAONG PINANG.

TAONG PINANG: Hoy, higante! Yoo-hoo, higante!

TAONG MATSING: Ako ang may pagkain, higante!

TAONG PINANG: Mas marami akong pagkain.

TAONG MATSING: Mas marami akong alam kung saan puwedeng kumuha ng
pagkain.

Papasok ang mga makahiya.

TAONG PINANG: Dito, o! *(Tatakbo kung saan nandoon ang mga makahiya.)*

TAONG MATSING: (*Parang pagtawag sa pusa*) Here, giant, giant, giant, here...

(*Tatakbo rin papunta sa mga makahiya.*)

Pag daan nilang dalawa, mahahawi ang mga makahiya at “titiklop” sila. Mamamangha ang higante.

HIGANTE: Wow, asteeeg! Ang ganda!

Mapapakawalan ni Higante si Paru-paro at may makikitang malaking kamay sa entablado na hahawak sa mga makahiya, na ngayo’y nakabuka uli. Titiklop uli sila pag daan ng kamay.

Gagamitin ni Arakne ang pinakamamahal niyang hinabing kumot para hulihin si Higante 2.

Babagsak ang higante (puwedeng sigaw at tunog lang muna habang malapit nang bumagsak).

Magkakagulo nang kaunti hanggang sa makikitang nakalagpak sa lupa ang malaking kamay (o paa) nito. Maghihiyawan, palakpakan sa tuwa.

Magiging tao na si Arakne.

May musika at magsisilundagan sa tuwa ang lahat.

May maikling dance number siguro sila.

Saka titindig si Paru-paro at lalapit sa kanila.

PARU-PARO: Niligtas n’yo ako?

TAONG MATSING: Obviously.

TAONG ARAKNE: Tama na ang drama-drama, Paru-paro.

O.A. ang pagyakap at paghagulgol ni Paru-paro sa kanila, halos lumuhod sa paghingi ng tawad.

PARU-PARO: Patawarin nyo ako! Please. Dapat di ko kayo iniwan. (*Tila may magbabago – liliit ang pakpak niya.*) Kung di pala ako umalis baka naging tao na uli ako. (*Dahil makasarili muli, biglang magkakaroon uli siya ng malaking pakpak.*) Hindi sa nilalait ko

ang paru-paro dahil maganda naman talaga ito, pero mas gusto ko nang maging tao. Turuan nyo ako kung paano. (*Magiging maliit uli ang pakpak niya.*) May pakpak pa rin ako? Gusto kong maging tao! Maging tao!

TAONG ARAKNE: Kailangang trabahuin mo.

TAONG PINES: Ooops, Arakne, baka bumalik ka sa dati. Wag masyadong mataray.

TAONG PINANG: Hayaan mo, Paru-paro.

TAONG MATSING: O semi-paru-paro, hehehe.

TAONG PINANG: Malalaman mo rin kung paano.

TAONG ARAKNE: Oo, parang depende sa tao, sa nilalang, sa ginawa mo, sa ginive-up mo.

TAONG MATSING: Yeah, maybe. Ewan ko.

PARU-PARO: So paano... aalis na kayo?

TAONG PINANG: Gustong-gusto ko nang makita ang nanay ko.

TAONG MATSING: And I want to sleep in a bed.

TAONG ARAKNE: At gusto kong kamustahin ang angkan namin, kung naging tao na rin sila.

TAONG MATSING: Ikaw, Paru-paro, gusto mo nang balikan ang mga ari-arian mo?

PARU-PARO: Ewan. Kanina, noong montik na akong mamatay, parang wala na akong pakialam sa mga yoon.

TAONG PINANG: Siguro hindi ko agad mahahanap ang nanay ko. Asan na kaya siya?

TAONG PINES: Ako rin. Sino pa ba ang babalikan ko?

TAONG MATSING: I don't even know the way back home.

PARU-PARO: Tutulungan ko kayo... ako ang advance party nyo. Hahanapin natin yan.

Susubukan ni Paru-parong lumipad pero masyado nang maikli ang pakpak niya para lumipad nang malayo.

Magtitinginan ang mga magkakaibigan, parang nagkasundo sa isang ideya.

TAONG PINANG: (kay Paru-paro) Aantayin naming maging tao ka.

TAONG MATSING: Besides, curious ako kung anong totoo mong itsura.

PARU-PARO: Ihahanap ko kayo ng pagkain.

TAONG MATSING: Yaya, paki dala na rin ako ng juice.

TAONG PINANG: Matsing—

TAONG MATSING: Kidding, kidding.

TAONG PINES: Maghahanap TAYO ng pagkain.

PARU-PARO: Tara!

Exit lahat pwera si Paru-paro na pupunta sa ibang bahagi ng entablado o kung saan nandoon si Higante 2.

6. GANAP NA TAMALA

Pupuntahan at kakausapin ni Paru-paro si Higante 2 na nakagapos. Magpupumiglas ito.

PARU-PARO: Tama na, huminahon ka. Ssst! Sinabi nang tama na e.

Puwedeng V.O. si Higante, hindi nakikita, o puwedeng parang naka-webcam na napapanood ng manonood sa screen.

HIGANTE2: Ano nang gagawin nyo sa akin?

PARU-PARO: E-ewan ko.

HIGANTE 2: E-eiwan n'yo ko para langgamin? Hu-hu-hu.

PARU-PARO: Hindi! Depende siguro yan sa 'yo.

HIGANTE 2: Sa akin? Paano?

PARU-PARO: Depende sa gagawin mo.

HIGANTE2: Ano bang magagawa ko ngayon? Nawalan na ako ng kaaway.

PARU-PARO: Ah bakit, kaibigan mo ba kami?

HIGANTE2: Wala naman kayong kakwenta-kwentang kalaban. Gusto ko yung kasing laki ko.

PARU-PARO: Talaga ha? Kaya pala nagapos ka ng mga maliliit na tao.

HIGANTE2: Insultuhin pa ako.

PARU-PARO: Hindi kita iinsultuhin. Kukwentuhan kita. Alam mo ba yung tungkol sa dalawang nag-aalitang higante sa Tuguegarao?

HIGANTE2: Mukha ba akong tsismoso?

PARU-PARO: Kwentong bayan lang naman ito na nasagap ko. May dalawang higante roon na katulad nyo ni Higante One. Away din sila nang away. Ang mga tao naman, evacuate nang evacuate para layuan sila... hanggang sa nakaisip sila ng paraan. Alam mo kung ano?

HIGANTE2: Opo. (*Patlang.*) Siyempre hindi!

AWIT 8. DALAWANG HIGANTENG NAGKABATI

PARU-PARO: Isang simbahan ang pinalipat ng tao,

At ang bilin sa kanila’y ganito—

Ingatan yan at banal ito,

Tiyaking hindi masisira ito.

At ang sabi ng taumbayan,

May tiwala kami sa inyo,

Nagtatago ang inyong kabaitan,

Ayaw n’yo lang ipakita ito.

Ano pa nga ba ang puwedeng gawin

Kung mahaba ang lalakbayin?

Naglakad nang walang kibuan,

Maya’t maya’y nagpakiramdaman,

At sunod pa’y nagkakwentuhan,

At tuloy naging magkaibigan.

Sabay nilang hawak ang tiwala ng bayan,

Hindi nilaglag, tuluyang inalagaan.

PARU-PARO: At nakarating sila sa kanilang paroroonan at diyan daw nanggaling ang simbahan sa Tuguegarao. May imahe pa nga daw ng dalawang higante sa harap noon e.

HIGANTE 2: Ibig mong sabihin pwede pala kaming maging magkaibigan ni
Higante One?

PARU-PARO: Bakit ba kayo nag-aaway? Dadalawa na nga lang kayo....

HIGANTE 2: E kasi siya e... nag-ano... Bakit nga ba?

PARU-PARO: Kanina tinatanong mo kung ano na ang gagawin mo. Yun ang
gagawin mo, hanapin mo si Higante One at mag-usap kayo.

HIGANTE 2: Eh...

PARU-PARO: Kung handa ka nang magbago, baka pakawalan kita. Basta may
kasunduan tayo.

HIGANTE 2: Ano?

PARU-PARO: Tutulungan mo muna ang mga kasama ko.

HIGANTE 2: Eh... eh...

PARU-PARO: O sige, Higante two, iiwan na kita rito at...

HIGANTE 2: Kung hindi kita tutulungan, anong gagawin mo?

PARU-PARO: Gusto kong magtiwala sa 'yo, Higante 2.

*Pakakawalan ni Paru-paro si Higante 2. Madaratnan nina Pinang si Paru-paro at ang
pagkalag nito sa paa ni Higante.*

TAONG PINANG: Paru-paro!

TAONG ARAKNE: Anong kalokohan ito—

PARU-PARO: Huwag kayong mag-alala! Tutulungan niya tayo. At alam kong
tutulungan niya tayo. Kung hindi...

HIGANTE 2: Kung hindi?

PARU-PARO: Anong zodiac sign mo, Higante dos? Scorpio? Alam mo ito?
(*May ipapakitang iba't ibang itsura ng alakdan sa screen.*) May koleksyon ako ng mga alakdan. Kung hindi ka tumupad sa usapan...

HIGANTE 2: ANO?

PARU-PARO: Kikilitiin ka ng mga ito!

HIGANTE 2: Tutupad na po, tutupad na po!

PARU-PARO: Mga kaibigan, tumuntong na kayo sa palad ng ating kaibigan na higante.

Tutuntong sila sa "palad" ng higante. Lulundag silang lahat sa tuwa.

HIGANTE2: Teka, nakikiliti ako. Hihihihi. (*Patlang.*) San ko ba kayo dadalhin?

TAONG PARU-PARO: Uuwi na sila. Maiiwan na lang ako dito.

TAONG PINANG: Hindi yan ang usapan natin!

AWIT 9. MINSAN MASARAP KALIMUTAN ANG SARILI

PARU-PARO: Minsa'y nagsalamin sa ilog na payapa,

Sa linaw nito'y sa kin pinamukha,

Ang dungis, pelekis, at ibang pintas,

Na di lang sa balat kong ito mamamalas.

Doon ko nasabing,

Sarili ay baguhin,

Ayusin ang sarili,
Ang sariling kadiri!

Bakit nga ba ako lang nang ako,
Ang dami ng iba, nalilimutan ko,
Kaya't nilampasan ko ang aking tingin
Di na 'ko nakatutok lang sa salamin.

Minsan masarap kalimutan ang sarili,
Magbigay sa iba nang walang kapalit,
May lukso sa puso kung sila'y napangiti,
Kung (alam mong) nakatulong ka, kahit maliit.

Minsan masarap kalimutan ang sarili,
Ito'y kawili-wili,
At ang isusukli'y kay simple-simple,
"Salamat," ngiti,
Kahit wala,
Basta...
Minsan...
Masarap kalimutan ang sarili!

TAONG PINES: Pero, Paru-paro, wala ka nang pakpak o.

TAONG PARU-PARO: Ha?

TAONG PINANG: Oo nga!

TAONG ARAKNE: Tao ka na, paru-paro. Pars.

TAONG PARU-PARO: Makakauwi na rin ako? Pero... wala ata akong mauuwian.

TAONG PINES: Sumama ka sa amin ni Mat, Pars.

TAONG MATSING: Hanap muna tayo ng matitirhan kasi baka nga wala na tayong mababalikan.

TAONG ARAKNE: E kung hindi pa rin pala nakapagtamala ang angkan ko?

TAONG PARU-PARO: E bakit pala tayo naging tao kung wala tayong mababalikan?

LAHAT: Hmmm...

TAONG PINANG: Ngayon pa ba tayo magkakahiwalay? Tara, papakiusapan ko ang nanay ko na sama-sama na tayo sa bahay namin! Marami tayong gagawin bilang mga tao.

Papasok si OLGA. Makikita sila ng mga ito.

OLGA: Magpaparamdam lang ako sa inyo bago kayo umalis. Congratulations at natupad na rin ang mga pangarap ninyong makauwi.

PINES: Maraming salamat sa inyo, nakatulong kayo.

OLGA: Talaga?

PINANG: Pero bitin pa rin ako... totoo bang may nauna sa aming maging tao?

OLGA: *(Tutukuyin ang sarili.)* Ta-daaan.

PINANG: Sabi na nga ba e!

PINES: Sino ba kayo noon? O ano?

OLGA: Sampaguita. Ayan o namuti na buhok ko sa kaaantay. O ano, masaya na kayo? Hala, umuwi na kayo... saanman yoon!

AWIT 10. GANAP NA TAO

LAHAT: Ito kaya ang susi?

Isipin ang ikabubuti?

Ang para sa marami?

Huwag lang ang sarili?

O ang pagbibigay

Di lang sa lahat,

Sa sarili igawad

Ang pagpapatawad.

Ano ba ang pagiging tao?

Ang magkautak sa ulo?

Ang tumibok ang puso?

Ang may katawan na buo?

Ito ba ang pagiging tao?

Ang pagkatuto

Ang pagwawasto,

Pakikipagsapalaran, paglalakbay.

OLGA: Iba't iba, mga kaibigan,

Ang pinagdaraan,

Iba't iba ang iyong tamala,

Kung ano, hanapin mo na!

At kung di mo mahanap,

Magsaya sa pagtuklas,

Magsaya nang todo-todo,

Magsaya nang todo-todo!

~ TELON ~